SUGGESTED PROGRAM FOR A KAWAN INSTALLATION AND INVESTITURE CEREMONY

1. Opening Ceremony
    a. Entrance of the Kawan (led by Kawan Leaders, Assistant Kawan Leaders and Color Group Leaders)
    b. Entrance of Guests and Local Scout officials
    c. Entrance of Colors
    d. National Anthem
    e. Pledge of Allegiance to the Flag
2. Welcome Address (by Head of Institutional)
3. Presentation of Kawan Charter (to Head of Institution)
4. Induction of the Institutional Scouting Committee Members (Each receives his Membership Card, Membership Badge and neckerchief)
5. Induction of the Kawan Leader and her Assistants (by Institutional Scouting Committee Chairman)
6. Recitation of the KAB Scout Promise and Law (may be a candle ceremony by new KAB Scouts)
7. Parents' Promise.
8. Investiture of new Scouts (Each boy receives his Membership Card, Membership Badge, and his neckerchief. Parents/sponsors should don the neckerchief on the boy).
9. Inspirational Talk (optional, preferably none)
10. Kawan Song (e.g. "Itong Ilaw ng KAB Scout")
11. Closing Ceremony
    a. Scout Benediction
    b. Recessional (National Flag, Guests, Leaders, Kawan, audience)

Basic Training Course for Kawan Leaders **Session No. 19/Handout**

Ceremonies

SEREMONYA NG (PAGTATAPOS) PAGTAAS

(Going Up Ceremony)

Kailan Ginaganap: Pagsapit ng KAB Scout sa kanyang ika-10 taong gulang. (Walang kinalaman dito and taas ng antas na narating sa pagsulong)

Mga Kagamitan : Isang arko na nakatayo ng paharap sa gitna ng entablado. Sagisag ng Boy Scouting at ng KAB Scouting na nakatayo sa ibabaw ng Arko. Isang artipisyal na siga at ang watawat ng Kawan na nakalagay sa kaliwa ng arko. Ang watawat ng Pilipinas at ng Tipon (Troop) na nakatayo naman sa kanan. Pitong kandila nakalagay sa isang tanging lagayan, apat sa kanan ng arko at tatlo sa kaliwa. Mga sertipiko ng pagtatapos.

Kawan Leader : Mga KAB Scout na magsisitaas. Naranasan na ninyo ang saya at sigla ng KAB Scouting. Ngayong sinapit na ninyo ang inyong ika-10 taong gulang, nararapat lamang na kayo ay tumaas sa ika-3 baitang tungo sa isang masiglang buhay at masayang bukas, ang baitang ng Boy Scouting. Doon ay mararanasan ninyo ang mga higit na kaiga-igayang pagsubok at pakikipagsa-palaran na alam kong makapagbibigay sa inyo ng higit na katuwaan. Sa inyong pagtaas sa Boy Scouting, inyong pakatandaang lagi ang pitong katangiang magbibigay sa inyo ng isang masayang buhay na inyong natutuhan sa KAB Scouting. Bago kayo lumisan, muli nating alalahanin ang mga katangiang ito. Mga Chief Usa, ipaalaala ninyo.

1. **Karunungan -** Katangiang mabatid kung alin ang mali at ang tama, ang mabuti at ang masama, ang makatuwiran at ang lihis sa kabutihang asal.

2. **Katapangan -** Katatagan sa pagharap sa panganib kahit may pangamba maging buhay man ang kapalit. Katatagang ipaglaban ang tama, katotohanan, at makatuwiran kahit ang karamihan ay naninindigan sa kamalian.

3. **Katarungan -** Pagbigay sa kapwa ng nararapat ayon sa diwa ng katotohanan at pagmamahal.

4. **Pagpipigil -** Katatagan sa hindi pagbibigay laya sa di-maka-tuwirang pita ng katawan, paghahangad at damdamin.

5. **Pananalig -** Paniniwalang walang pasubali na mangyayari ang naisin at mararating ang pananaw bagama't di pa nakikita o nararanasan.

6. **Pag-asa -** Walang pagaagam-agam na pagpupunyagi upang magkakaroon ng kaganapan ang mga mithiin sa gitna ng mga suliranin at mga balakid.

7. **Pag-ibig -** Kaligayahan sa pagmamalasakit sa kapakanan ng kapwa ng di alintana ang sarili. Paghahangad ng kaligayahan at pagtulong para sa ikabubuti ng kapwa na di naghahangad ng kapalit liban sa kasiyahang nakapagpaligaya siya ng ibang tao.

Kawan Leader : Mga KAB Scout, kung ang inyong buhay ay ginagabayan ng pitong katangiang ito, kayo ay magiging maligaya. Ang maligayang nilalang ay tiyak na magtatagumpay. At ngayon, para sa magsisitaas, awitin nating lahat ang "Hagdan ng Scouting ".

May hagdan ang Scouting
sa kalangitan (3x)
May hagdan ang Scouting
sa kalangitan
Aking aakyatin

Dahil sa inyong magandang ipinakita bilang mga kasapi ng Kawan, buong pagmamalaki namin kayong itinatagubilin sa ilalim ng pamamatnubay ni G._____ , ang Punong Tipon ng Tipon Blg._____. Halikayo at tumayo sa harap ng siga.

Chief Usa : (Ngalan ng tataas) Labis na ikinalulungkot ng Kulay (Color Group) _____ ang iyong paglisan subali't kami ay nasisiyahan dahil sa inyong pagtaas sa ikatlong baitang ng Kilusang Scouting, ang Boy Scouting. Palagi nawang gawin ninyo ang inyong buong makakaya.

Kawan Leader : Upang ating maalaala ang init ng pagkakaibigan dulot ng sigang ito, pangungunahan tayo ng ating Katuwang na Puno ng Kawan sa pagawit ng isang awit ng pamamaalam.

Shalom Chaverin
Shalom Chaverin
Shalom, Shalom
Lehit raot, Lehit raot
Shalom, Shalom

Paalam Kaibigan
Paalam Kaibigan
Paalam, Paalam
Hanggang sa muli
Hanggang sa muli
Paalam, Paalam

Bago ninyo lisanin ang init ng sigang ito, tanggapin ninyo ang sertipikong ito na tanda ng inyong pagtatapos sa KAB Scouting. (Ipagkaloob ang sertipiko) Halikana, sasamahan kitang pumasok sa arko at ipakikilala sa iyong magiging Punong Tipon. (Pagsapit ng KAB Scout sa tapat ng arko, aalisin ng Puno ng Kawan ang kanyang baliog, ipakikilala sa Puno ng Tipon kung saan sila ay mag kakamay bilang tanda ng pagtanggap nito sa kanya bilang bagong kasapi ng tipon. Habang ito ay nagaganap, aawitin ng Kawan ang Good Luck, Good Health, God Bless You.)

Troop Leader : Sa ngalan ng Tipon Blg. _____, tinatanggap kita bilang Boy Scout na kasapi ng Tipon.

Ang Tipon na iyong kinaaniban ay may magandang tradisyon at mataas na panuntunan. Inaasahan namin na ikaw ay makakatulong upang ito ay mapanatili. Dahil sa iyong pagnanais na mapabilang sa Patrol ng _____, ipinakikilala kay Scout _____ na siya nitong puno.

Patrol Leader : (Kakamayan ang bagong kasapi at magsasabi ng) Tinatanggap ka namin bilang kasapi ng _____ Patrol. Ang aming Tipon ang siyang nagbibigay ng mga Chief Usa sa inyong Kawan. Ang aming Patrol ay palaging nagsisikap na gawin ang buong makakaya para sa Tipon. Umaasa kami na kami ay iyong matutulungan.

(Magbibigay ang Tipon ng isang sigaw bilang tanda ng pagtanggap habang sumasaludo ang bagong kasapi at sasama na sa kanyang Patrol)

Troop Leader : (Sa mga magulang ng bagong Boy Scouts) Sa pagsapi ng inyong anak sa Boy Scouting, unawain ninyo na siya ay pumapasok sa isang bagong daigdig ng mga gawain at pakikipagsapalaran. Dito, kinakailangan niyang malagpasan ang mga kinakailangang gawain at matutuhan sa pamamatnubay ng mga piling puno ng Patrol. Sa kanyang pagsulong, siya ay haharap sa Lupon ng Pagsusulit na kinaaaniban ng mga piling mga kasapi sa Kilusang Scouting. Dahil dito, patuloy niyang kakailanganin and inyong tulong at pagbibigay sigla.

Maraming mga paraan upang kayo ay makatulong. Aasahan namin ang inyong tulong sa aming mga gawain at proyekto. (Sa mga bagong Boy Scout) Tayo ay nagkaroon na ng mga pangunahing mga gawain. Matapos ninyong magampanan ang lahat ng mga kinakailangan bilang mga bagong kasapi, kayo ay itatalaga bilang mga kualipikadong Boy Scout.